Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-26 NG ENERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................ Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 009-T'98

KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGSUPORTA SA HOUSE BILL NO. 1871 NA NAGLALAYONG ITAAS ANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) NG BAWA'T BAYAN HANGGANG SA 60 BAHAGDAN.

**SAPAGKA'T,** ang Kgg. Mar Roxas, Kinatawan ng Unang Distrito ng Capiz ay may panukalang itaas ang Internal Revenue Allotment (IRA) ng bawa't bayan hanggang sa 60 bahagdan (60%) na nasa sa ilalim ng House Bill No. 1871;

**SAPAGKA'T,** malaking pakinabang ng pamahalaang lokal na maragdagan ang IRA mula sa pamahalaang nasyunal upang higit na matugunan ang paglilingkod sa bayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na panangalawahan ng mga Kgg. Kag. Heidi S. Ciriaco, Louie C. de Leon at Celestino D. Pamatmat at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na magpahayag ng pagsuporta sa House Bill No. 1871 na naglalayong itaas ang IRA ng bawa't bayan hanggang sa 60 bahagdan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga Kgg. Punong Bayan, Sangguniang Bayan ng Nagcarlan, lahat sa

lalawigang ito, para sa kanilang kabatiran at mahalagang suporta.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan